Para sa: Mga KR at KT/KR
Mula sa: KT-KS
Paksa: Mga Pagpapaunlad sa Organisasyon ng BHB na Dapat Bigyan ng Kagyat na Pansin
Hunyo 2001

==================================================================

Base sa kabuuang pagsulong ng kapasidad ng rebolusyonaryong pwersa at antas na inabot ng armadong labanan, kinakailangan ang panibagong pagpapaunlad ng makinarya at istruktura ng BHB. Ang mga pagpapaunlad na ito ay nakatuon sa pagsasanay, paniniktik, pagpaplano at koordinasyon—sa loob ng balangkas ng malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya. Pangkalahatang layunin ng mga ito na higit pang palawakin at pasinsinin ang pakikidigmang gerilya, paunlarin ang mga taktika at teknik sa pagsalakay at pagtatanggol, at paigtingin ang mga taktikal na opensiba. Bagamat may partikularidad ang bawat rehiyon at iba-iba ang bilis ng pagsulong, lahat ay kailangang mag-ukol ng matamang pansin sa inihahanay ditong mga tungkulin sa pagpapaunlad ng makinarya at istruktura ng BHB.

**1. Tiyakin ang pagbubuo ng mga pwersang sentro-de-grabidad ng mga larangang gerilya. Buuin at palakasin ang mga Panrehiyon at Pamprobinsyang Pwersang Gerilya.**

Buuin at palakihin at palakasin sa akmang antas ang mga pangunahing pwersang gerilya sa antas ng larangan, rehiyon at probinsya habang pinananatili ang tamang proporsyon nito sa patuloy na pinararami, mas marami at mas nakakalat na mga yunit gerilyang nakatalaga sa mga lokalidad pangunahin sa gawaing masa.

Para maisustini ang pagpapalawak at pagpalakas ng mga larangang gerilya, kailangang pag-ukulan ng karampatang pansin ang pagsasagawa at pagpapasigla ng mga taktikal na opensibang makakayanan ng pwersa at ng baseng masa. Obligadong buuin kaugnay nito ang mga pangunahing pwersang gerilya na tatayong sentro de grabidad sa antas ng larangan, probinsya at rehiyon.

Sa nakaraang ilang taon, para maibuhos ang kapasidad sa pagbawi at pagpapalawak ng mga larangang gerilya, pinahintulutan natin sa marami-raming larangan, probinsya at, maging, rehiyon ang pagpapaliban ng pagbubuo ng mga pangunahing yunit gerilya. Sa isang banda, muling napalawak at napasigla ang baseng masa at lumuwag ang maniobra ng mga pwersang gerilya. Sa kabilang banda, nagbunga rin ito ng labis na pagkakahiwahiwalay ng mga pwersang gerilya, ng konserbatismo at napakapeligrosong pasibidad sa gawaing militar sa marami-raming saklaw.

Esensyal ang mga pangunahing pwersang gerilya upang maging taliba sa mga kinakailangang operasyong militar at maging malaking salik sa pagpapataas ng kabuuang kapasidad militar ng hukbo.

Kaya't habang pinananatili natin ang pagdidispusisyon ng kalakhan (70%) ng pwersang gerilya sa lokal na gawaing masa, kinakailangang tiyakin natin na nabibigyan pansin ang mga sumusunod:

**1.1. Pagbubuo ng mga pangunahing pwersa na tatayong sentro-de-grabidad sa mga larangang gerilya.**

Ang pwersang Sentro-de-Grabidad (SDG) ang pangunahing pwersang iniinugan ng mga aktibidad ng hukbo sa isang takdang teritoryo, maging ito man ay isang larangan, isang probinsya o isang rehiyon. Nangunguna ito sa pagsasakatuparan ng mga taktikal na opensiba at iba pang operasyong

militar. Ito rin ang pwersang pangunahing inaasahan at napapakilos ng Partido para sa mga proyektong mahalaga o may kabuluhan sa kabuuan ng naturang saklaw.

Ang lumalaking mga larangang gerilya ay dapat magtakda ng target na isang seksyon hanggang isang platung gerilya bilang sentro-de-grabidad. Ang relatibong maliliit na larangang gerilya naman ay dapat magtalaga ng isang yunit na relatibong mas malaki, mas sanay at mas may-kakayahang militar upang magsilbing sentro-de-grabidad ng mas malilit na yunit sa larangang gerilya. Sa gayon, anuman ang laki ng larangang gerilya, may depinidong yunit na nakatalagang tumugon o manguna sa pagtugon sa mga kagyat na pangangailangang militar kahit malaking panahon nito ay nasa gawaing masa rin.

### 1.2 Pagtatayo ng pangunahing pwersang panlaban sa antas ng rehiyon at probinsya/sub-rehiyon.

Kailangang buuin ang platung gerilya sa antas ng rehiyon at probinsya (o subrehiyon), na magsisilbing pangunahing pwersang panlaban sa saklaw. Tungkulin nitong manguna sa pagbubunsod ng mga taktikal na opensiba laban sa relatibong malalaking target, tumayong bag-as ng relatibong mas malaking konsentrasyon ng tropa para sa mga taktikal na opensiba, at manguna sa pagtiyak na napag-uukulan ng karampatang pansin ang mga pangunahing gawaing pulitikal at militar sa antas nito at maging sa saklaw na mga larangang gerilya.

Para sa mahusay na kakayahan at pleksibilidad sa kasalukuyang antas, pinakamainam na makamit ang kumbinasyon ng laking-platun o mas malaki pang pangunahing pwersa ng rehiyon, humigit-kumulang laking-platung pangunahing pwersa sa mga probinsya (o subrehiyon), at mga larangang gerilyang laking-kompanya na may kani-kanilang sentro-de-grabidad.

Kapag may nakatayo nang marami-raming larangang gerilya, maaaring buuin na o magtalaga ng yunit na tatayong pangunahing pwersa sa antas ng rehiyon upang bigyan ng papalaking pansin ang pagbubunsod ng mga taktikal na opensiba, makaipon ng karanasan, makapagpanday ng mga kadreng militar, at lalong pabilisin ang pagbubuo ng dagdag na mga larangan gerilya at mga sentro-de-grabidad ng mga larangan.

Habang mas dumarami pa ang pwersa at ang mga larangang gerilya, dapat ding buuin o italaga ang pwersang gerilya sa bawat tumpok ng magkakalapit na larangang gerilya (karaniwan sa saklaw ng probinsya) upang mas maagap na matugunan ang sitwasyong militar na humihingi ng relatibong konsentrasyon ng pwersang gerilya. Hindi ito magagawa ng pangunahing pwersang sumasaklaw sa buong rehiyon dahil sa laki ng erya ng operasyon ng huli.

Kapag nabuo na ang platung gerilya sa antas ng probinsya, ang pangunahing pwersa ng rehiyon ay maaaring sumanib sa mga pangunahing pwersa ng mga probinsya at mga lokal na pwersa ng mga larangan at tumayong bag-as ng natipong pwersa para sumalakay sa relatibong mas malalaking target militar. Ang pangunahing pwersa ng rehiyon ay mas makapagtutuon ng pansin sa mga operasyong may panrehiyong kabuluhan. At magagawa ito nang hindi nakakaligtaan ang mga gawaing militar at pulitikal sa mga probinsya at larangan.

Tulad ng pangunahing pwersa sa rehiyon, kabuuang prayoridad ng pangunahing pwersa sa probinsya o tumpok ng mga larangang gerilya ang pagpapasigla ng mga taktikal na opensiba, pagpapalitaw ng armas at pagsasanay ng mga kadre at tauhang militar para lalong pabilisin ang pagpapalawak at pagpapalakas ng mga larangang gerilya. Hindi sila dapat mahila tungo sa wala sa panahong bertikalisasyon.

### 1.3 Pagbubuo ng angkop na laki ng pwersa ng punong-himpilan.

Ang pwersa ng punong-himpilan ang yunit na sumusuporta at nangangalaga sa seguridad ng pamunuan ng panteritoryong organisasyon ng Partido. Ito din ang karaniwang itinatalaga sa pangangasiwa sa gawaing masa at iba pang rebolusyonaryong tungkulin sa teritoryong pinupwestuhan ng himpilan.

Iniaangkop ang laki at katangian ng pwersa ng punong-himpilan sa bigat ng mga responsibilidad at gawain ng himpilang sineserbisyuhan nito. Para sa mga larangang gerilya, ang tumatayong pwersa ng punong-himpilan ay karaniwang ang pwersa ng sentro-de-grabidad o bahagi nito, na pinagbabasehan ng kalihiman o ng mga nangungunang kagawad ng komite sa larangan at tuwirang namamahala sa relatibong konsolidadong bahagi ng larangan. Hindi nalalayo dito ang karaniwang kalagayan sa mga probinsyang may nakatayong komite ng Partido.

Subalit sa antas ng rehiyon, nangangailangan ng isang mas maunlad na istruktura ng pwersa ng punong-himpilan. Habang tinitiyak ang pleksibleng dispusisyon ng mga pwersa ng punong himpilan, maaring hatiin ang mga ito sa sumusunod na mga yunit (laking-platun humigit-kumulang ang bawa't isa) ayon sa kani-kanilang tungkulin:

- yunit para sa panloob na seguridad, opisina at iba pang serbisyo sa kampo,
- yunit sa gawaing masa at iba pang mga gawaing panteritoryo,
- yunit ng pwersang panagupa at eksternal na depensa, at
- iba pang task unit na kinakailangan.

Ang mga platun na ito ay maaaring pagsanibin sa isang istruktura ng organikong kumpanya para sa layunin ng administrasyon habang pinanatili ang karaniwang moda ng dispusisyong nakakalat sa mga platun at iskwad.

Ang pagkakaroon ng pwersa ng punong himpilan ay hindi nangangahulugang ang panrehiyong punong himpilan ay agad nang papunta sa matagalang pagpipirmi sa isang lugar. Kailangan ang mahigpit na paglilihim sa lokasyon at aktibidad ng panrehiyong punong-himpilan laluna't pangunahing target ito ng paniniktik at mga operasyon ng kaaway. Kailangang patuloy na makilos ang punong-himpilan at pleksible ang pagpupwesto ng mga upisina at ng iba't ibang pagtitipon at aktibidad gaya ng mga konsultasyon at pulong. Kailangang panatilihing nangangapa ang kaaway sa kinalalagyan ng punong-himpilan.

Kapag pumwesto ang panrehiyong punong-himpilan sa isang lugar, pinakamahusay na tuwirang kontrolin ng punong-himpilan (ng sentro ng rehiyon) ang mga pangunahing aktibidad sa kinalalagyang larangang gerilya upang matiyak na lubos na naisasaalang-alang sa mga plano at aktibidad ng larangang gerilya ang katayuan at mga pangangailangan ng himpilan, mahigpit na makoordina ang pakat at gawain ng mga yunit ng punong-himpilan at mga yunit sa teritoryo, at matiyak ang pangangalaga sa paglilihim at seguridad.

May partikular na halaga ang pagbubuo sa loob ng pwersa ng punong-himpilan ng takdang yunit na panlaban at yunit para sa eksternal na depensa. Kailangang malinaw at tiyak na may nakatalagang pwersang sasagupa sa kaaway at sikapin sa abot ng makakaya na iwasang maganap ang labanan sa mismong kampong himpilan o di kaya'y mapuruhan ng pagsalakay ng kaaway ang kampong himpilan. Ang yunit sa eksternal na depensa ang mangangasiwa sa kabuuang kontra-paniniktik sa binabasehang teritoryo (sa tulong ng yunit sa gawaing masa) at magsasagawa ng mga operasyong militar na kaugnay nito. Dapat tupdin nito ang mga tungkulin ng pangunahing pwersang panagupa

ng punong-himpilan, sa paraang pinangangalagaan na hindi malantad sakaaway ang pagbabase ng punong-himpilan.

### 1.4 Pagbubuo ng mga Ispesyal na Yunit.

Sa antas ng rehiyon at probinsya, dapat ding itayo ang ilang ispesyal na yunit na kinakailangan para sa mga gawaing militar na mahalaga para sa buong saklaw. Dapat nang harapin ito ng lahat ng rehiyong nagsusulong ng pakikidigmang gerilya bagama't ang laki ng mga yunit ay depende syempre sa antas ng pag-unlad at kakayahan ng bawat rehiyon. Kabilang sa mga ispesyal na yunit ang mga sumusunod:

#### 1.4.1 Yunit sa Ispesyal na Operasyon.

Dapat buuin ito sa antas ng rehiyon at ilang maunlad na probinsya. Mainam ding magtakda ng mga ispesipikong yunit isparo ang mauunlad na larangang gerilya.

Kailangan ang mga ito para birahin ang mga piling target militar hanggang sa mga syudad at sentrong bayan at parusahan ang mga pinakamasahol na kontrarebolusyonaryong kriminal na nagkakanlong sa labas ng mga sonang gerilya. Ang mga ispesyal na operasyong ito ay mahalaga para higit pang palawakin ang pakikidigmang gerilya at saklaw ng demokratikong kapangyarihang bayan, paghati-hatiin ang pwersa at atensyon ng kaaway, at suportahan sa di-tuwirang paraan ang ligal na demokratikong kilusan at pakikibaka na nakasentro sa kalunsuran.

Sa simula maaaring magsanay ng mga piling upisyal at tauhan mula sa pangunahing pwersang panlaban na panapanahong itinatalaga sa mga ispesyal na operasyon. Ito ang tinatawag nating mga yunit isparo. Sa kalaunan maaaring magtalaga ng takdang yunit o mga yunit na magbibigay-diin sa mga ispesyal na operasyon at direktang nasa kontrol ng KR/KTKRR at panrehiyong pamatnugutan.

Gaya ng dati nang nalinaw, ang mga yunit na ito ay dapat nakabase sa kanayunan at lumahok sa gawaing masa sa pagitan ng mga ispesyal na operasyon. Kaya pinakamainam kung hindi lamang isa ang yunit upang matiyak na may aasikaso sa mga operasyon habang binibigyan ang mga upisyal ar operatiba ng karampatang panahon sa gawaing masa.

Kailangan ding mobilisahin ang mga organong teritoryal at istap ng Partido para sa iba't ibang suportang kinakailangan sa ispesyal na operasyon gaya ng paniniktik, pagbabase't lohistika, at iba pa. Magtalaga ng tiyak na mga kadre at kagawad na aasikaso sa mga ito sa iba't ibang antas at saklaw kung hindi pa kayang magbuo ng ispesyal na yunit sa pagsuporta sa mga ispesyal na operasyon.

#### 1.4.2 Yunit sa Pagbubuwis.

Buuin ang isa o ilang yunit sa pagbubuwis upang tiyaking may susuporta sa mga upisyal na kinatawan mula sa istap sa pinansya ng rehiyon o probinsya para sa mga negosasyon, pagpagpaparusa sa mga lumalabag at iba pang gawain kaugnay ng pagbubuwis. Bagama't pwedeng nagtatalaga lamang ng piling pwersa para sa gawaing ito sa panapanahon, pinakamainam kung makakaya na magtalaga ang panrehiyong punong-himpilan ng depinidong yunit na magtutuon sa mga gawaing ito.

Mahigpit ang pangangailangang magpalitaw ng pondo para pantustos at pansuporta sa lumalaking pwersa, armas at iba pang kagamitang pandigma, mga proyektong sosyo-ekonomiko, mga pangangailangang administratibo at iba pang pangangailangan ng rebolusyonaryong digma.

Kapag sinimulan ang pagbubuwis sa isa o ilang empresa o negosyo sa isang saklaw, kailangang patuloy na palawakin ang pagbubuwis hanggang masaklaw ang karamihan o di kaya'y lahat ng saklaw ng patakaran sa buwis. Kailangan ito hindi lamang dahil kailangan ang kitang makakalap kundi para maging makatwiran sa mga nagbabayad na at lalo pa silang engganyuhin sa paggalang sa rebolusyonaryong kapangyarihan at patakaran.

**2. Palakasin ang pamamatnugot sa hukbo.**

Kailangang buuin ang pamatnugutan sa operasyon sa mga rehiyon. O di kaya, kung hindi pa makakayang magtalaga ng mga kadreng bubuo ng panrehiyong pamatnugutan, dapat tiyaking may kagawad ng KTKR na tumatayong panrehiyong kumander na buong-panahong nakatuon sa pangangasiwa sa gawaing militar. Ang mahalaga ay may tiyak na mga upisyal na tuloy-tuloy na sumusubaybay sa kalagayan at mga usaping militar at may pananagutan sa pagpapatupad ng mga tungkulin sa mga operasyong militar at pagbubuo ng hukbo. Kaalinsabay, sa tulong nila, lalo ring napalalakas ang komprehensibong pamumuno ng komiteng rehiyon ng Partido sa mga gawain at usapin sa loob at labas ng BHB.

Ang panteritoryong pamatnugutan sa operasyon ang mananagot sa pagpapatupad sa saklaw nitong teritoryo ng mga patakaran at planong militar na pinagpasyahan ng mga kinauukulang namumunong komite ng Partido, pamamatnugot sa lahat ng anyo ng sandatahang yunit sa ilalim nito, pagsubaybay sa kabuuang sitwasyong militar at paggawa ng mga regular at espesyal na ulat at mga rekomendasyong militar sa namumunong komite ng Partido at sa nakakataas na pamatnugutan ng hukbo.

Maliban sa implementasyon ng mga atas, plano o proyektong militar na una nang napagpasyahan ng namumunong komite ng Partido, gumagawa ang panteritoryong pamatnugutan ng mga rekomendasyon para sa pagpapasya ng namumunong komite ng Partido kaugnay ng mga pagsusuri sa kalagayang militar, pag-aaral sa mga usapin at konseptong militar, pagtatakda at pagpaplano ng mga operasyon o proyekto, paglalagom ng mga operasyon, at iba pang gawain ng hukbo. Bagama't binibigyang-diin natin ang pagtutok sa mga usapin at administrasyong militar, ginagawa ang lahat ng ito sa layuning suportahan at mas palakasin din ang pamumuno ng mga namumunong komite ng Partido sa saklaw.

Ang panrehiyong pamatnugutan ng BHB ay bubuuin ng kumander, pangalawang kumander at komisar pampulitika. Matapos aprubahan ng Komisyong Militar o KT-KS ang rekomendasyon ng KR sa mga itatalagang upisyal, maitatayo ang regular na panrehiyong pamatnugutan. Karaniwang isang kagawad ng KTKR ang tumatayong panrehiyong kumander, ang kalihim ang tumatayong panrehiyong komisar pampulitika at ang pangalagawang kumander ay ang kagawad ng KR na kumander ng pangunahing pwersa ng rehiyon o di kaya'y kumander ng pinakamaunlad na larangang gerilya.

Kung hindi pa kayang buuin ang panrehiyong pamatnugutan, dapat tiyakin na may kagawad ng KTKR na nakatalagang panrehiyong kumander at buong-panahong tumututok sa pangangasiwa sa hukbo at mga gawaing militar.

Kailangan ding simulan na ang regular na pagdaraos ng mga kumperensya ng kumand, mga kumperensyang pulitiko-militar, at iba pang mga kumperensya sa mga ispesipikong paksa o linya ng gawaing militar upang napapanahong buuin ang mga pagsusuri sa kalagayan at mga karanasan, maagap na mapag-aralan ang lumilitaw na mga suliraning militar at makagawa ng mga kaukulang solusyon, at mabilis na mapagkaisa ang organisasyon ng hukbo tungkol sa mga ito. Kahit maitayo

ang iba't ibang antas ng paarang pulitiko-militar, ang mga kumperensya ng kumand at kumperensyang pulitiko-militar ang siya pa ring magiging pinakamabisang paraan sa pagsusuri sa mga sitwasyon at problema at maagap na pagpapalaganap ng mga pag-aaral at karanasang militar.

**3. Buuin ang Lambat Paniktik/Kontrapaniktik.**

Dapat bigyan ng ibayong pansin ang pagbubuo ng malawak, masinsin, lihim at mabisang lambat paniktik. Kailangan natin ang mas pinahusay na pangangalap ng paniktik tungkol sa mga target ng mga taktikal na opensiba. Kailangan din nating tukuyin, birahin, nyutralisahin at wasakin ang lambat paniktik ng kaaway.

Ang mga yunit ng hukbo at mga yunit ng Partido sa teritoryo ay gumagawa ng iba't iba at kanya-kanyang paraan para magsagawa ng mga paniniktik na pangkombat o pag-alam at pagkahon sa mga target at sa gayo'y naisusulong ang mga taktikal na opensiba sa iba't ibang antas. Habang lumalaon lalong nasasapol ng mga yunit ng Partido at hukbo na mas lumalaki ang porsyento ng tagumpay sa mga taktikal na opensiba kapag mas maalam tayo sa kalagayan at galaw ng kaaway. May mauunlad na yunit gerilya na nakakapagbuo na rin ng isa o ilang grupong paniktik na nangunguna sa pag-alam at paghahanda sa mga target bago ang aktwal na paglapit ng pangunahing pwersa.

Di hamak na mas mahina pa tayo sa kontrapaniniktik. Karamihan ng mga pinsala natin kamakailan ay sanhi ng pagkakalantad ng mga yunit ng BHB sa lambat paniktik ng kaaway. Mataas ang pagpapahalaga ng kaaway sa paniniktik laluna laban sa pwersang gerilya at sige ang kanyang pagsisikap na paramihin at pasinsinin ang kanyang lambat paniktik. (Itinakda nilang kota ay minimum na 2 kagawad ng BIN sa bawat baryo maliban pa sa mga ahente at iba pang mga "asset" ng iba't ibang ahensyang paniktik nila.)

Upang bawasan ang mga pinsala sa ating panig at maingat ang kalagayan sa seguridad ng mga yunit ng hukbo, mga yunit ng Partido at mga organisasyong masa, lubhang kinakailangang pag-ibayuhin ang kamalayang panseguridad, ang pagpapatupad ng mga tuntunin sa paglilihim at ang pagpapalawak at pagpapalakas sa kilusang lihim sa mga larangang gerilya. Dapat ding maging alerto lagi sa pagtukoy, pagbira at pagnyutralisa sa lambat paniktik ng kaaway. Dapat asikasuhin ang pagtatayo ng mas malapad at mas mahusay na lambat paniktik/kontrapaniktik. Sa ganitong paraan lamang magagawang "bulag at bingi" ang kaaway, mababawasan nang malaki ang mga pinsala at mapapangalagaan ang seguridad ng buong sonang gerilya.

Naniniwala tayo na ang ispesyalisado at kung tutuusi'y likas na limitadong lambat paniktik ng kaaway ay kayang-kayang daigin at tabunan ng mulat at organisadong mamamayan basta't may sistematiko, organisado at mahusay pero lihim na rebolusyonaryong lambat paniktik/kontrapaniktik. Kahit malakas ang mga organisasyong masa, maaaring makapamayagpag at makapaminsala ang paniniktik ng kaaway kapag ang ating paniniktik at kontrapaniniktik ay hindi tuloy-tuloy, hindi sistematiko at hindi mapamaraang naaasikaso ng mga kinauukulang komite ng Partido at yunit ng hukbo, partikular ng mga responsableng kumander at upisyal sa paniniktik.

Kailangang matamang bigyang-pansin ng mga kumander ng mga yunit ng BHB, partikular ng mga itinakdang upisyal ang paniniktik/kontrapaniniktik. Bigyan ng oryentasyon ang mamamayan, laluna ang organisadong masa tungkol sa paglilihim at lihim na pagkilos ng mga rebolusyonaryong pwersa, pagtukoy sa mga espiya at impormer ng kaaway, at mga dapat gawin para mabigo, manyutralisa at mawasak ang lambat paniktik ng kaaway. Pakilusin ang mga SDC at ang milisyang bayan, gayundin ang mga aktibistang masa, para sa malawakan pero organisado at kompartmentalisadong

pangangalap at pagtitipon ng impormasyon, pagmamanman sa kaaway at mga elementong hindi mapagkakatiwalaan, pagkahon sa mga ispesipikong target, at iba pang mga gawain sa paniniktik at kontrapaniniktik.

Kung kinakailangan, maaaring pansamantalang maghiwalay sa panapanahon ng ilang upisyal ng hukbo para tiyakin at subaybayan ang pagbubuo at pagpapakilos sa lambat na ito ng paniktik/kontrapaniktik. Kailangan ding tiyakin ng pamatnugutan ng hukbo at namumunong komite ng Partido na sapat na napaglalaanan ng pwersa at panahon ang pagkakahon, pagdakip at pagpaparusa sa mga susing elemento o grupo ng paniktik ng kaaway laluna ang may mga malaking kasalanan at utang-na-dugo.

Kailangang pagpursigihan ito hanggang sa matukoy, manyutralisa at mawasak ang buong lambat paniktik ng kaaway sa mga sonang gerilya.

Tungkulin ng mga pamatnugutan sa mga larangan at mga pamatnugutan sa mga rehiyon na tipunin, suriin at tayahin ang mga datos sa paniktik at kontrapaniktik. Dapat regular na magdaos sa mga larangan at rehiyon ng mga pagtatasa sa mga datos na ito kasabay man o hindi ng mga regular na komprehensibong pagtatasa sa kalagayang militar. Dapat sikapin ng mga pamatnugutan sa larangan o rehiyon na magbuo ng yunit o di kaya'y matalaga ng upisyal na aasikaso sa paniktik at kontrapaniktik. Kailangan ding gumawa ng mga tiyak na plano at proyekto sa pagbira at pagnyutralisa sa mga pangunahing upisyal at galamay sa paniniktik ng kaaway.

**4. Itayo ang sistema ng mga paaralang pulitiko-militar.**

Itayo ang Batayang Paaralang Pulitiko Militar para sa pag-aaral at pagsasanay ng mga mandirigma ng BHB. Ang pangunahing kurso ng Batayang Paaralan ay ang Batayang Kursong Pulitiko-Militar na rekisitong makuha ng lahat ng bagong reklutang mandirigma kabilang ang mga nasa milisyang bayan. Sasaklawin din ng Batayang Paaralan ang iba pang mga kurso at aralin para sa pagpapaunlad ng kaalaman at kasanayan ng mga mandirigma tulad ng kurso sa isnayping, paniniktik, demolisyon, komunikasyon at mga katulad. Ang Batayang Paaralan ay ibabase sa mga larangang gerilya kung kaya't ang pamatnugutan o namumunong komite sa larangan ay kailangang magtalaga ng mga kadreng militar na tatayong permanente o panapanahong instruktor. Ang bago o maliliit na larangang gerilya ay dapat tulungan ng panrehiyong pamatnugutan (o ng mas malalaking larangan) sa pagbibigay ng mga kurso sa Batayang Paaralan.

Simulan din ang pagbubuo ng Akademyang Pulitiko-Militar para sa pag-aaral at pagsasanay ng mga nangungunang upisyal ng BHB mula sa antas ng seksyon at platun. Ito ay ibabase sa rehiyon at magbibigay ng Regular at Ispesyal na mga Kursong Pang-upisyal. Pangungunahan ito ng mga nangungunang kadre ng Partido sa antas ng rehiyon. Ipapaloob din sa Akademya ang mga kurso para sa ispesyal at abanteng kaalaman o kasanayan tulad ng paniniktik, ordnans, medikal, atbp.

Sa kasalukuyan tinutugunan ng mga batayang kursong binalangkas ng mga rehiyon ang pangangailangan para sa Batayang Paaralan. Mayroon ding ilang rehiyong nakapagbalangkas ng Batayang Kursong Pang-Upisyal. Gayunman, binabalangkas sa pambansang antas ang mga unipormadong kurso para sa dalawang paaralan.

**5. Itayo ang istap para sa Medikal, Sigint at Ordnans.**

Lumalaki na rin ang pangangailangang isistematisa pag-asikaso sa mga gawaing medikal ng mga yunit ng hukbo. Habang patuloy na pinahuhusay sa pambansang antas ang pagsasanay at pagbibigay ng suportang serbisyong medikal, maaring hindi muna magtayo ng katumbas na istap sa mga rehiyon. Pero dapat sikapin ng mga panrehiyong organisasyon na may itinatalagang mga upisyal medikal sa mga yunit ng hukbo na nabibigyan ng kinakailangang pagsasanay. Dapat ding sistematisahin ng mga rehiyon ang pangangalaga sa mga pasyente at pangangalap ng mga kagamitang medikal.

Ang istap sa Sigint at istap sa Ordnans ay kailangan na ring buuin sa antas ng rehiyon. Tutulong sa pagsasanay ang pambansang istap. Ang sigint ay kailangan sa pag-iipon ng datos tungkol sa mga pwersa, plano, operasyon at aktibidad ng kaaway. Ang ordnans ay napatunayan nang mahalaga para sa dagdag na kapasidad sa pakikipaglaban laluna sa mga taktikal na opensiba at ispesyal na operasyon.

**6. Ilatag at palawakin ang lambat ng suportang serbisyo sa kalunsuran para sa hukbong bayan.**

Higit na isistematisa, palawakin at palakasin ang lambat sa kalunsuran at kabayanan para sa suportang militar. Kailangang mahigpit na pangalagaan ang seguridad at pagiging sikreto ng lambat na ito.

Lumalaki ang mga serbisyo para sa armadong pakikibaka na kailangang tugunan. Upang sistematikong maasikaso, kailangang magtalaga ng mga kadre sa lunsod at kabayanan na mangunguna sa pagbubuo ng mga kinakailangang kompartmentalisadong lambat panserbisyo. Habang lumalaon dapat hakbang-hakbang na napalalawak ang lambat, laluna ang sistema ng lihim at ligtas pero ubos-kayang pagsuporta ng mga yunit ng Partido at iba pang bahagi ng kilusang lihim sa kalunsuran sa pagsusulong ng armadong pakikibaka sa kanayunan.

Kabilang sa iba't ibang uri ng lambat pangserbisyo na maaaring buuin sa kalunsuran ang: ispesyal na lambat para suporta sa pagbabase, komunikasyon, pagpapalipat-lipat at iba pang pangangailangan ng sentro ng rehiyon; lambat para sa paniniktik at kontrapaniniktik; lambat para sa suportang medikal; lambat ng suporta para sa pagbubuwis at iba pang pangangailangan. Batay sa pangangailangan at pagkatapos ng masusing pagsusuri sa katayuan at kakayanan ng mga yunit ng Partido sa kalunsuran, maaaring itoka sa mga partikular na yunit o kadre sa kalunsuran ang pagsuporta sa mga partikular na serbisyo habang patuloy sila sa kanilang mga pangunahing gawain. Maaari ding magbuo ng mga ispesyal na pangkat o yunit laluna para sa mga sensitibong gawaing nangangailangan ng mahigpit na paglilihim at kompartmentalisasyon.

**7. Palakasin ang sistema ng ulat.**

Ang mga namumunong kadreng militar at mga pamatnugutan sa ibat'ibang antas ay dapat mag-ukol ng karampatang pansin sa paggawa at pagsusumite sa mga namumunong komite ng Partido at nakatataas na pamatnugutan ng hukbo ng regular at ispesyal na mga ulat tungkol sa kalagayang militar, kalagayan ng hukbo, at mga operasyon at iba't ibang gawaing militar. Maglalabas ng mga gabay sa regular at ispesyal na ulat para sa mga kumander at yunit ng hukbo. Kailangan ang maagap, maaasahan, sapat at malinaw na mga datos tungkol sa kalagayan at mga gawain ng hukbo para sa maagap at wastong pagpapasya, pagbabalak at paggabay ng mga kinauukulang namumunong komite at pamatnugutan sa gawaing militar.

Eof\